FILIPINO BAITANG ISA

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 21

TEMA: Ang Aming mga Sayaw

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:
1. Wikang Binibigkas: Nakikinig at nagtatanong patungkol sa narinig na personal na salaysay ng iba
2. Gramatika: Nagagamit ang mga pandiwa sa isang payak na pangungusap

UNANG ARAW

LAYUNIN: Masagot ang tanong na "Ano-ano ang mga katutubong sayaw sa ating lugar?"
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:
1. Paunang Pagtataya
   Sabihin: Ngayong araw, susubukin nating alamin kung ano-ano ang mga katutubong sayaw dito sa ating lugar.
2. Tukoy-Alam
   a. Tanungin ang mga bata kung ano-ano ang mga sayaw na alam nila.
   b. Isulat sa pisara ang mga sayaw na babanggitin; ibukod ng hanay ang mga katutubong sayaw sa inyong lugar na babanggitin ng mga bata.
   c. Pumili ng ilang bata at ipamuwestra ang mga kilos na ginagawa sa katutubong sayaw sa inyong lugar.
3. Tunguhin
   Tanungin ang mga bata: "Ano-ano muli ang mga katutubong sayaw dito sa ating lugar?"
4. Paglalahad
   Gawain: Tumawag ng ilang piling bata at tanungin kung paano nila natutuhan ang kilos o galaw sa katutubong sayaw sa kanilang lugar; maaari ring tanungin kung gusto ba nila ang sayaw na ito at kung bakit.
5. Pagtuturo at Paglalarawan
   Para sa Guro: Ipalarawan muli sa mga bata kung paano isinasayaw ang katutubong sayaw at ipamuwestra ito sa ilang piling mga bata.

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang pandiwa sa isang payak na pangungusap sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
   mga larawan ng pinakatanyag na katutubong sayaw sa inyong lugar
   mp3 player
   musikang ginagamit para sa pinakatanyag na katutubong sayaw sa inyong lugar

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, susubukin nating gamitin sa mga payak na pangungusap ang iba't ibang pandiwa.
2. Paglalahad
   Gawain: Tatalakayin ang pinakapopular na sayaw sa inyong bayan.
   a. Ipakita ang mga larawan tungkol sa tanyag na sayaw sa inyong lugar sa mga bata.
   b. Hingian ang ilang piling bata ng pangungusap hango sa larawang ipinakita.
   c. Iparinig nang bahagya ang musika para sa sayaw na tinatalakay; hingian din ng pangungusap na naglalarawan ng musika ang mga bata.
3. Pagtuturo at Paglalarawan
   a. Pangkatin ang mga bata.
   b. Bigyan ang bawat pangkat ng larawang hango sa katutubong sayaw na tatalakayin.
   c. Hikayating bumuo ng isang payak na pangungusap na may pandiwa tungkol sa larawan ang bawat pangkat.
   d. Atasang magtalaga ng taga-ulat ang bawat grupo. Ang taga-ulat ang siyang magsasabi ng pangungusap na nabuo nila sa harapan ng buong klase.
4. Kasanayang Pagpapayaman
   a. Magtala ng iba't ibang pandiwa sa pisara.
   b. Tumawag ng ilang piling bata at bigyan ng pandiwa ang bawat isa.
   c. Bigyan ang mga bata ng ilang segundo para makapag-isip ng isang payak na pangungusap tungkol sa katutubong sayaw na natalakay gamit ang pandiwang nakatalaga sa kanila.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang pandiwa sa isang payak na pangungusap sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

mga larawang nagpapakita ng iba't ibang pandiwa

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, susubukin nating gamitin sa tamang pangungusap ang mga pandiwa.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Sabihin: May mga larawan akong ipapakita sa inyo. Sasabihin ninyo kung ano ang kilos na ginagawa ng mga tao sa larawan. Kailangan ninyong gamitin ang salitang kilos o pandiwa) sa isang payak na pangungusap.
   *Tumawag ng ilang piling bata.
3. Kasanayang Pagkabisa
   Sabihin: May mga larawan akong ipapakita sa inyo. Magbigay ng isang pangungusap na may pandiwa. Kung TAMA ang paggamit ko ng pandiwa, sabay-sabay kayong TUMAYO. Kung mali naman ang gamit ko, manatili kayong NAKAUPO.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Nakikinig at nagtatanong tungkol sa salaysay ng kamag-aral tungkol sa iba't ibang sayaw gamit ang mga pandiwa
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, isasalaysay natin ang tungkol sa ating paboritong sayaw at ang mga tagapakinig ay maaari ding magtanong tungkol sa inyong salaysay.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Gawain: Tumawag ng ilang piling bata at ipamuwestra ang kanilang paboritong kilos sa sayaw na tinalakay.
3. Kasanayang Pagkabisa
   Tanungin: Bakit ito ang paborito mong kilos sa buong sayaw?
   *Tumawag ng ilang piling bata
4. Pagtataya
   Iguhit ang paboritong kilos at sabihin sa kaklase kung bakit ito ang napiling kilos; siguraduhing tama ang pandiwa na gagamitin sa pangungusap.

IKALIMANG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang mga pandiwa sa isang payak na pangungusap
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
iba't ibang larawan ng mga pandiwa

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, magbibigay kayo ng mga payak na pangungusap na mayroong pandiwa.
2. Pagtataya
   a. Pangkatin ang mga bata sa lima.
   b. Magpakita ng larawang may pandiwa.
   c. Ang bawat pangkat ay dapat bumuo ng isang payak na pangungusap na may pandiwa.
   d. Kapag nakabuo na ang pangkat ng pangungusap, ang kanilang unang kinatawan ay dapat tumakbo sa harap at sabihin ang nabuong pangungusap.
   e. Ang pangkat na unang magkakaroon ng 5 puntos ang siyang tatanghaling panalo.

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 22

TEMA: Ang Aming Sining

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:

1. Wikang Binibigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nakikinig at nagtatanong patungkol sa personal na salaysay ng iba
2. Gramatika: Nagagamit ang pandiwa sa isang payak na pangungusap

## UNANG ARAW

LAYUNIN: Natutukoy ang mga likhang sining sa sariling lugar
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

iba't ibang likhang sining na natatangi sa bayan (halimbawa: taka sa Paete, Laguna; t'nalak sa Cotabato; atbp)

PAMAMARAAN

1. Paunang Pagtataya
   Itanong sa mga bata: Ano ang mga alam ninyong likhang sining sa ating lugar?
2. Tukoy Alam
   Sabihin sa klase kung ano ang sining. Ipaliwanag na ang mga Filipino ay tanyag sa iba't ibang sining.
3. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, aalamin natin ang mga likhang sining sa ating lugar.
4. Paglalahad
   Ipakita sa klase ang iba't ibang likhang sining sa lugar. Kung maaari, hayaang hawakan ng mga bata ang mga ito.
5. Pagtuturo at Paglalarawan
   Sabihin ang tawag sa mga likhang sining.

## IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang salitang kilos sa pangungusap
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

iba't ibang likhang sining na natatangi sa bayan

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, gagamit tayo ng mga salitang kilos sa pangungusap.
2. Paglalahad
   Ipakitang muli ang mga likhang sining. Tanungin ang mga bata kung ano ang masasabi nila sa mga ito.
3. Pagtuturo at Paglalarawan
   Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng mga likhang sining na ipinakita at kung sino-sino ang gumawa ng mga ito.
4. Kasanayang Pagpapayaman
   Sabihin: Pumili ng paboritong likhang sining mula sa mga ipinakita. Magsabi ng pangungusap tungkol sa likhang sining na may salitang kilos. Halimbawa: Nagtatanim ang mga magsasaka sa obra.

## IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang mga salitang kilos sa isang payak na pangungusap
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

tsart ng "Leron, Leron Sinta"

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, gagamitin natin ang mga salitang kilos sa mga pangungusap.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Ituro sa klase ang awit na "Leron, Leron Sinta."

   Leron, leron sinta
   Buko ng papaya
   Dala-dala'y buslo
   Sisidlan ng bunga
   Pagdating sa dulo
   Nabali ang sanga
   Kapos kapalaran
   Humanap ng iba

3. Ipagawa sa mga bata ang mga sumusunod:
   a. Umisip ng isang kilos na hilig mong gawin.
   b. Kantahin ang "Leron, Leron Sinta." Sa bahagi ng awit na "Humanap ng iba," umikot at humanap ng kapareha.
   c. Sabihin sa kapareha: "Lagi akong ____ (kilos na hilig gawin)."
   d. Awiting muli ang "Leron, Leron Sinta" at sabihin ang : "Lagi akong ____" sa ibang kapareha.
4. Kasanayang Pagkabisa
   a. Sabihin sa mga bata na humanap ng kapareha.
   b. Ang unang bata ay magsasabi ng pangungusap tungkol sa kapareha. Kailangang may salitang kilos ito. Halimbawa: Tumatakbo si Lito.
   c. Ang pangalawang bata ay imumuwestra ang sinabi ng kapareha.
   d. Magpapalit ng gawain ang magkapareha.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang mga pandiwa sa isang payak na pangungusap; Nakikinig at nagtatanong patungkol sa personal na salaysay ng iba

ORAS: 40 minuto

MGA KAGAMITAN:

papel

lapis, pangkulay, clay, atbp gamit na maaaring gamitin sa paglikha ng sining

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, gagawa tayo ng likhang sining na nagpapakita ng kilos. Ibabahagi natin sa klase ang ating gagawin.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Ipakita sa mga bata ang mga kagamitan. Sabihin sa mga bata na gagawa sila ng sariling likhang sining. Kailangang nagpapakita ng kilos ang likhang sining.
   Halimbawa: Guhit ng mga batang naglalaro, clay na hugis hayop na tumatakbo, atbp.
   Malaya silang pumili ng ano mang kagamitan.
3. Kasanayang Pagkabisa
   Tawagin ang ilang mga bata upang ipaliwanag sa klase ang kanilang likha. Ipaliliwanag ang kilos sa likhang sining na ginawa.

IKALIMANG NA ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang mga pandiwa sa isang payak na pangungusap
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
likhang sining ng mga bata

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
   Ngayong araw, pipili tayo ng paboritong gawa ng kaklase at ipaliliwanag natin kung bakit ito ang ating napili.
2. Pagtataya
   Mula sa pagbabahagi ng mga bata noong ikaapat na araw, tanungin ang bawat isa kung ano ang kanilang paborito sa gawa ng mga kaklase. Pumili ng mga batang nais ibahagi ang sagot. Tanungin din ang dahilan kung bakit ito napili at kung ano ang kilos na ipinakikita ng likhang sining na napili.

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 23

TEMA: Mga Paborito Naming Pagkain

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:
1. Wikang Binibigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nakikinig at nagtatanong patungkol sa narinig na personal na salaysay ng iba
2. Gramatika: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng sarili at mga kaklase

UNANG ARAW

LAYUNIN: Nakikinig at nagtatanong patungkol sa kuwentong binasa
ORAS: 40 minuto
KAGAMITAN:
libro – *Haluhalo Espesyal* ni Yvette Ferreol at Jill Arwen Posadas (Adarna House, 2006)

PAMAMARAAN
1. Paunang Pagtataya
   Tanungin ang klase: Ano ang iyong paboritong pagkain?
2. Tukoy Alam
   Tanungin ang klase: Bakit mo ito paborito?
3. Tunguhin
   Sabihin: Ang kuwento natin ngayong araw na ito ay tungkol sa isang batang may sakit. Alamin natin kung paano siya gumaling.
4. Paglalahad
   Ikuwento ang *Haluhalo Espesyal* ni Yvette Ferreol at Jill Arwen Posadas (Adarna House, 2006).
5. Pagtuturo at Paglalarawan
   a. Bumuo ng grupo at tanungin ang bawat grupo kung ano ang kanilang paboritong tagpo mula sa kuwentong binasa.
   b. Bigyan ng oras ang bawat grupo upang paghandaan ang pagsasadula ng kanilang paboritong tagpo mula sa kuwentong binasa.

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Nakapagbibigay ng mga salitang naglalarawan kay Jackie
ORAS: 40 minuto
KAGAMITAN:

larawan ni Jackie, ang bata mula sa kuwentong *Haluhalo Espesyal*

PAMAMARAAN

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, kikilalanin natin nang lubusan si Jackie, ang bata mula sa kuwentong *Haluhalo Espesyal*.
2. Paglalahad
   Magpakita ng larawan ni Jackie, ang bata mula sa kuwentong binasa. Tanungin ang klase kung ano ang masasabi nila kay Jackie ayon sa kaniyang mga katangian tulad ng kaniyang hitsura at ugali.
   Halimbawa:
   Ano ang kulay ng kaniyang buhok?
   Ano kaya ang ugali niya?
3. Pagtuturo at Paglalarawan
   Balikan ang mga larawan at tulungan ang klase sa paglalarawan sa mga tao at bagay na matatagpuan sa larawan.
4. Kasanayang Pagpapayaman
   Maglaro ng taguan. Itago ang iba't ibang larawan ng mga bagay na matatagpuan sa kuwentong binasa (Halimbawa: Jackie, monggo, haluhalo, yelo, lola). Ilarawan ang bawat bagay at ipahanap ang mga nakatagong larawan.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nailalarawan ang sarili sa pamamagitan ng wastong paggamit ng pang-uri
ORAS: 40 minuto
KAGAMITAN:

lapis o mga pangkulay
papel
salamin

PAMAMARAAN

1. Tunguhin
   Humarap sa salamin at ilarawan ang sarili.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Magtawag ng ilang bata upang ilarawan ang kanilang mga sarili sa harap ng salamin.
3. Kasanayang Pagkabisa
   Iguhit ang sarili at ipaulat sa klase ang kanilang ginawa sa pamamagitan ng paggamit ng wastong pang-uri
   Halimbawa:
   Ang aking buhok ay kulay________.
   Ang aking paboritong pagkain ay ______ dahil ito ay _________.
   Siya ay may mahabang buhok!

## IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Nailalarawan ang mga kaklase sa pamamagitan ng wastong paggamit ng pang-uri
ORAS: 40 minuto
KAGAMITAN:

PAMAMARAAN

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, ilalarawan natin ang ating mga kaklase.
2. Kasanayang Pagpapanayam
   Anyayahan ang klase na maglaro ng "Sino ang kaklaseng tinutukoy?" Ilarawan ang ilang bata sa pamamagitan ng paggamit ng wastong pang-uri at tukuyin ang kaklaseng inilalarawan ng guro.
   
   Hal:
   Nasaan ang kaibigan ko?
   Kaibigan ko? kaibigan ko?
   Nasaan ang kaibigan ko?
   Siya ay may mahabang buhok!
   
   Pagpangkatin ang klase at bigyan ng oras ang bawat pangkat na pumili mula sa mga kaklase ng kanilang ilalarawan gamit ang wastong pang-uri.
3. Pagtataya
   Bigyang pagkakataon ang bawat pangkat na maibahagi sa klase ang kanilang ginawang paglalarawan sa isang kaklase. Huhulaan naman ng ibang pangkat ang tinutukoy na kaklase.

## IKALIMANG ARAW

LAYUNIN:Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng sarili at mga kaklase
ORAS: 40 minuto
KAGAMITAN:

mga piraso ng papel na may nakasulat na bahagi ng katawan o kasuotan (halimbawa: buhok, mata, sapatos, atbp.)

PAMAMARAAN

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, ilalarawan natin ang ating sarili at ang ating mga kaklase.
2. Pagtataya
   a. Tumawag ng dalawang bata upang bumunot ng tig-isang piraso ng papel.
   b. Basahin ang nakasulat sa papel. Sabihin ang parte ng katawan o ng kasuotan na nabunot upang kanilang ilarawan
      Halimbawa:
      Bata A – buhok
      "Ang buhok ko ay mahaba. Ang buhok niya ay maigsi."
      Bata B – blusa
      "Ang blusa ko ay bughaw. Ang blusa niya ay bughaw din."
   c. Tumawag pa ng ibang bata upang gawin ito.

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 24

TEMA: Mabuting Pagkamamamayan

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:

1. Wikang Binibigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nailalahad muli ang salaysay ng iba gamit ang mga payak na salita
2. Gramatika: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng sarili at mga kaklase

UNANG ARAW

LAYUNIN: Natutukoy kung sino ang inilalarawan ng iba gamit ang mga pang-uri dito sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:

1. Paunang Pagtataya
   Sabihan ang mga bata na ilarawan ang mga pangngalang babanggitin gamit ang mga pang-uri.
2. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, pag-uusapan natin ang ating mga kaibigan sa paaralan gamit ang mga pang-uri.
3. Tukoy-Alam
   Magbigay ng isang pang-uri at sabihan ang mga bata na magbigay ng isang pangngalan na nagtataglay ng katangiang ito.
   Halimbawa: lungtian – dahon, papaya, kaimito
4. Paglalahad
   a. Ilarawan ang isang bata sa klase gamit ang mga pang-uri at ipahula sa mga bata kung sino ito.
   b. Maglarawan pa muli ng 5-10 bata.
5. Pagtuturo at Paglalarawan
   a. Tumawag naman ng bata na ilalarawan ang kanilang mga kaibigan sa klase gamit ang mga pang-uri.
   b. Ang batang makahuhula ng tamang kaklaseng tinutukoy ang siya namang maglalarawan ng kaniyang kaibigan sa klase.

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Nailalahad muli ang mga salaysay ng iba tungkol sa mga pamamaraan ng pagiging mabuting mamamayan, sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, tatalakayin natin ang mga gawain ng isang mabuting mamamayan.
2. Paglalahad
   Magkuwento tungkol sa mga ginagawa bilang isang mabuting mamamayan.

Halimbawa: Tuwing umaga, nagwawalis ako sa loob at harap ng aming bahay para malinis ang paligid.

3. Pagtuturo at Paglalarawan
    a. Tumawag ng mga batang magbabahagi ng kanilang mga gawain bilang mabuting mamamayan.
    b. Ipaliwanag na may mga salitang naglalarawan at tinatawag itong mga pang-uri.
4. Kasanayang Pagpapayaman
    Tumawag ng mga batang maglalahad muli ng mga mabubuting gawain ng mga kaklase at magbigay ng opinyon tungkol dito gamit ang mga pang-uri.

    Halimbawa: Sina _____, ______ at _____ ay masisipag dahil naglilinis sila ng bakuran araw-araw.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng kaklase sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
- lapis
- papel
- mga pangkulay

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
    Sabihin: Ngayong araw, iguguhit natin ang ating kaklase.
2. Kasanayang Pagpapayaman
    Papiliin ang mga bata ng isang kaklase na gusto nilang iguhit.
3. Kasanayang Pagkabisa
    Ipabahagi sa mga bata ang kanilang iginuhit na kaklase gamit ang mga pang-uri.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Nakapagbibigay ng mga halimbawa ng mga gawain ng isang mabuting mamamayan sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
- iba't ibang larawan na nagpapakita ng mga gawain sa pamayanan (Halimbawa: nagbibigay sa mga mahihirap, nagtatapon ng basura sa kalsada)

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
    Sabihin: Ngayong araw, tayo ay magpapakita ng mga gawain ng mabuting mamamayan sa pamamagitan ng pag-arte.
2. Kasanayang Pagpapayaman
    a. Hatiin ang klase sa sampung grupo.
    b. Ipaliwanag na magbibigay ang guro ng sitwasyon sa pamayanan na kailangang bigyang solusyon ng bawat grupo sa pamamagitan ng pag-arte.
       Halimbawa: Nagkalat ang mga tuyong dahon sa parke.
    c. Tumawag ng isang grupong iaarte ang kanilang solusyon sa harap ng klase.
    d. Magbigay muli ng ilan pang sitwasyon sa mga bata.

3. Kasanayang Pagkabisa
   Tumawag ng mga batang magbibigay ng kanilang opinyon tungkol sa mga ipinakitang solusyon ng mga grupo gamit ang mga pang-uri.
   Halimbawa: Ang unang grupo ay maawain dahil tinulungan nilang tumawid ang matandang babae.
4. Pagtataya
   a. Ipakita ang bawat larawan.
   b. Tanungin ang mga bata kung ang larawan ay nagpapakita ng mabuti o di-mabuting gawain ng isang mamamayan gamit ang mga salitang "mabuti" o "hindi mabuti."
   c. Ipakita rin ang iba pang mga larawan at tanungin ang mga bata.

IKALIMANG ARAW

LAYUNIN: Nakapagbibigay ng ilang angkop na pang-uri para sa mga pangngalang naibigay ng guro sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, tayo ay magkakaroon ng isang laro gamit ang mga pang-uri.
2. Pagtataya
   a. Ipaliwanag na ang klase ay magkakaroon ng isang laro kung saan ang bawat bata ay bubunot ng pangalan ng isang kaklaseng kaniyang ipahuhula gamit ang mga pang-uri.
   b. Maaaring magkaroon ng ilang ulit ang laro.

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 25

TEMA: Mga Pagdiriwang sa Ating Komunidad

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:
1. Wikang Binibigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nailalahad muli ang salaysay ng iba gamit ang mga payak na salita
2. Gramatika: Nagagamit ang pandiwa sa isang payak na pangugusap

UNANG ARAW

LAYUNIN: Nailalarawan ang dahilan ng mga pagdiriwang sa tahanan
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
   output ng gawaing bahay mula sa linggo 24

PAMAMARAAN
1. Paunang Pagtataya
   Pangunahan ang klase sa isang gawain kung saan ang bawat isa ay magbibigay ng pangugusap na may salitang kilos ukol sa kanilang paboritong pagdiriwang. Magbigay ng sariling halimbawa at tumawag ng ilan upang sumagot.
      Halimbawa:
      Kumakain ako ng masarap tuwing Pasko.

2. Tukoy Alam
   Bigyang pagkakataon ang ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang karanasan ukol sa mga pagdiriwang na naranasan sa kanilang sariling tahanan.
3. Tunguhin
   Tanungin ang klase: Ano ang mga pagdiriwang sa inyong tahanan? Para saan ang mga pagdiriwang?
4. Paglalahad
   Himukin ang klase na ilabas ang gawaing bahay kung saan kinailangang gumuhit ang bawat isa ng larawan o magdala ng larawan ukol sa naranasang pagdiriwang sa tahanan (maaaring kaarawan, pagtatapos, kasal, at iba pa). Bigyang pagkakataon ang bawat isa na magbahagi ng isa hanggang dalawang pangungusap ukol dito.
5. Pagtuturo at Paglalarawan
   Sumahin ang aralin. Talakayin ang mga dahilan ng pagdiriwang sa tahanan at tukuyin ang kahalagahan ng mga ito sa pamilya. Tukuyin din kung ano ang karaniwang nararamdaman ng bawat isa ukol dito.

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang pandiwa sa pagkukuwento ng mga pagdiriwang sa paaralan
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
larawan mula sa mga pagdiriwang sa paaralan

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, pag-uusapan natin ang ating paboritong pagdiriwang sa paaralan.
2. Paglalahad
   Pangunahan ang klase sa pagbabalik-tanaw sa mga naranasang pagdiriwang sa paaralan. Maaaring gumamit ng larawan kung mayroon.
3. Pagtuturo at Paglalarawan
   Balikan ang kuwento ng bawat isa. Tulungan ang klase na tukuyin ang mga ginamit na salitang kilos sa mga nasabing pangugusap. Isulat ang mga salitang kilos sa pisara.
4. Kasanayang Pagpapayaman
   Bigyang pagkakataon ang bawat isa na magbahagi ng sariling kuwento ukol sa mga naranasang pagdiriwang sa paaralan. Himukin ang bawat isa na gumamit ng mga salitang kilos sa pangugusap.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nailalahad ang paboritong pagdiriwang sa komunidad gamit ang mga salitang kilos.
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
larawan ukol sa mga pagdiriwang sa pamayanan

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
   Tanungin ang klase: "Ano ang paborito ninyong pagdiriwang sa ating komunidad/ pamayanan?"
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Magpakita ng iba't ibang larawan ng mga pagdiriwang na maaaring maganap sa pamayanan.

Bigyang pagkakataon ang ilan upang ilarawan ang mga ito o magbahagi ng mga sariling karanasan ukol dito.

3. Kasanayang Pagkabisa
   Balikan ang kuwento ng bawat isa. Tumawag ng mga bata upang tukuyin ang mga ginamit na salitang kilos sa mga nasabing pangugusap. Isulat ang mga salitang kilos sa pisara.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Naibabahagi ang karanasan ng kaklase ukol sa mga pagdiriwang sa tahanan, paaralan, o komunidad sa pamamagitan ng pagguhit nito

ORAS: 40 minuto

MGA KAGAMITAN:

papel at pangkulay

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, aalamin natin ang paboritong pagdiriwang ng bawat isa.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Ipagpares ang mga bata (o himukin ang bawat isa na humanap ng kapareha). Bigyan ang klase ng walong minuto upang magbahagi ng kuwento ukol sa kanilang paboritong pagdiriwang.
3. Kasanayang Pagkabisa
   Bigyan ng oras ang klase upang maiguhit ang ibinahaging kuwento/karanasan ng kanilang kapareha.
4. Pagtataya
   Tumawag ng ilang bata upang magbahagi ng kanilang gawa sa harap ng klase.

IKALIMANG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang pandiwa sa isang pangugusap ukol sa paboritong pagdiriwang ng kamag-aral.

ORAS: 40 minuto

MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Ngayong araw, babalikan natin ang gawain kahapon at ibabahagi natin ang gawa ng bawat isa sa klase.
2. Pagtataya
   Bigyang pagkakataon ang bawat isa na ibahagi ang gawa sa klase gamit ang isa o dalawang pangungusap na may salitang kilos.

IKATLONG MARKAHAN

LINGGO 26

TEMA: Mga Pagdiriwang sa Ating Komunidad

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:

1. Wikang Binibigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nakapagbibigay ng pagpapakahulugan sa narinig na salaysay sa pamamagitan ng paggawa ng sariling katapusan o pagsasadula ng

piling tagpo

2. Gramatika: Nagagamit ang mga pandiwa sa isang payak na pangungusap

UNANG ARAW

LAYUNIN: Nailalarawan ang isang karanasan ng kaklase sa isang pangungusap na may salitang kilos
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
tsart ng awit na "Lubi-Lubi"

PAMAMARAAN

1. Paunang Pagtataya
   a. Itanong sa mga bata kung ano-ano ang kanilang hindi malilimutang karanasan (gaya ng kaarawan, Pasko, atbp).
   b. Himuking ibahagi nila ito sa kanilang katabi.
   c. Tumawag ng ilang piling bata at ipasalaysay sa kanila ang karanasang ibinahagi sa kanila ng kanilang kamag-aral.
2. Tukoy Alam
   Itanong sa mga bata kung paano ipinagdiriwang ang pista ng kanilang pamayanan; itala ang mga ito.
3. Tunguhin
   a. Isulat sa pisara ang 12 buwan na bumubuo ng isang taon.
   b. Itanong sa mga bata kung ano-anong mga pagdiriwang ang ginaganap sa bawat buwan ng taon--mga pagdiriwang sa pamayanan, sa bayan, maging sa buong mundo
   c. Tumawag ng ilang piling bata na magbibigay ng mga pagdiriwang; itala ang mga pagdiriwang sa pisara.
4. Paglalahad
   a. Ilabas ang tsart na naglalaman ng awit na "LUBI-LUBI"

   Lubi-Lubi

   Enero, Pebrero, Marso, Abril, Mayo, Hunyo
   Hulyo, Agosto, Setyembre, Oktubre,
   Nobyembre, Disyembre
   Lubi, lubi (2x)

   b. Ituro ang awit na "Lubi Lubi" sa klase.
   c. Hingian ng angkop na aksyon para sa bawat pagdiriwang ang ilang piling bata.
   d. Awitin habang iminumuwestra ang tamang aksyon ng awit.
5. Pagtuturo at Paglalarawan
   Tumawag ng ilang piling mga bata at tanungin sila kung ano ang paborito nilang pagdiriwang at kung paano nila ipinagdiriwang ito.

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Makabuo ng payak na pangungusap na mayroong salitang kilos
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
larawan ng salitang kilos
larawang kuha mula sa iba't ibang pagdiriwang ng mga festivals

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, gagamit tayo ng mga pandiwa sa isang payak na pangungusap.
2. Paglalahad
   a. Magpakita ng iba't ibang larawan ng mga kaganapan sa paaralan.
   b. Himukin ang mga batang magbigay ng mga pangungusap tungkol sa mga larawang ipakikita.
   c. Itala ang mga pangungusap na maibibigay ng mga bata.
3. Pagtuturo at Paglalarawan
   a. Basahin muli ang mga pangungusap na nakatala sa pisara.
   b. Tumawag ng ilang piling mga bata at sabihin na kailangan nilang ibigay/tukuyin ang mga salitang ginamit ng kanilang mga kamag-aral.
4. Kasanayang Pagpapayaman
   Tumawag ng ilang piling mga bata upang ilarawan at ikuwento ang kanilang karanasan at sa-loobin patungkol sa isang pagdiriwang na kanilang nadaluhan.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang mga pang-uri sa paglalarawan ng mga sasakyan
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
larawan ng isang piling pagdiriwang sa pamayanan (pista ng pamayanan)

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, isasalaysay natin ang iba't ibang paraan ng pagdiriwang ng mga pagdiriwang sa ating pamayanan.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   a. Hatiin ang klasrum sa 10 grupo.
   b. Bigyan ang bawat pangkat ng larawan.
   c. Tulong-tulong na bubuo ng isang maikling kuwento ang mga bata base sa larawang ibinigay sa kanilang pangkat.
   d. Ipaulat sa mga grupo ang kanilang maikling kuwento.
3. Kasanayang Pagkabisa
   a. Isa-isa muling ipakita ang mga larawan.
   b. Basahin o sabihin ang salayasay mo (guro) tungkol sa larawan.
   c. Tumawag ng isang bata para magbigay ng kapalit na wakas sa iyong salaysay.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng pamilya
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
larawan ng iba't ibang pagdiriwang

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, isasadula natin ang iba't ibang pagdiriwang sa iba't ibang lungsod.

2. Kasanayang Pagpapayaman
    a. Hatiin ang grupo sa 10 pangkat at bigyan ng takdang pagdiriwang na isasadula ang bawat pangkat.
    b. Bigyan ng ilang minuto para makapaghanda ang bawat pangkat para sa kanilang presentasyon.
    c. Maglaan ng 10 minuto para sa mga presentasyon.
3. Kasanayang Pagkabisa
    Sabihin: Ngayon naman, maglalaro tayo ng charades.
    a. Tumawag ng ilang piling bata sa harap.
    b. Pabunutin ang mga bata ng isang larawan ng pagdiriwang na kanilang imumuwestra.
    c. Isa-isang tawagin ang mga bata para imuwestra ang kanilang mga nabunot na pagdiriwang
    d. Pahulaan sa mga bata ang iminuwestrang pagdiriwang.
4. Pagtataya
    a. Tatawag ng ilang piling bata at bubunot sila ng larawan mula sa mga larawan ng mga pagdiriwang na natalakay sa klase.
    b. Ipaulat o ipasalaysay sa bata kung ano ang nagaganap sa kaniyang larawang napili.

IKALIMANG ARAW

LAYUNIN: Nailalarawan ang isang karanasan ng kaklase sa isang pangungusap na may salitang kilos
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
    Sabihin: Ngayong araw, ilalarawan ninyo ang iba't ibang karanasan ng inyong mga kamag-aral gamit ang mga salitang kilos.
2. Pagtataya
    a. Tumawag ng ilang piling mga bata at ipalarawan sa kanila ang mga naging karanasan ng kanilang mga kamag-aral sa pamamagitan ng pagbuo ng isang payak na pangungusap.
    b. Paalalahanan ang mga bata na gumamit ng wastong salitang kilos sa kanilang mga pangungusap.
    c. Maaaring papuntahin ang mga piling mag-aaral sa harap para doon nila sabihin ang kanilang pangungusap.

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 27

TEMA: Ang Aming Transportasyon

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:
1. Wikang Binibigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nakagagawa ng paglalahad ng isang kaganapan batay sa mga hayag o nakalap na impormasyon
2. Gramatika: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng pamilya

UNANG ARAW

LAYUNIN: Naibabahagi sa klase ang karaniwang sinasakyan ng pamilya
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

tsart ng awit na “Bangkang Papel”
bangkang papel
papel at pangkulay

PAMAMARAAN

1. Paunang Pagtataya
   Itanong sa mga bata kung ano ang kariniwang sinasakyan ng kanilang pamilya.
   Halimbawa: jeep, tren, bangka, atbp.
2. Tukoy Alam
   Itanong sa mga bata ang kahalagahan ng mga sasakyan. Ipaliwanag ang dahilan ng pagkakaiba-iba ng mga sasakyan.
3. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, matututuhan natin ang awit tungkol sa isang sasakyan.
4. Paglalahad
   Ipakita sa mga bata ang bangkang papel. Talakayin ang gamit ng bangka sa mga tao. Ituro sa mga bata ang awit na “Bangkang Papel.”

Pagkatapos ng ulan
Paligid ay pagmasdan
At sa ating bakuran, may naipong tubig ulan

Tubig ulan (2x), may naipong tubig ulan...
Kaya’t kumuha ng papel, itupi-tupi ito, ayan bangkang papel, makakapaglaro ako!

Bangkang papel (2x), gumawa tayo ng bangkang papel!

Halika na, halina, palutangin na natin,
Sa ibabaw ng tubig, bangka ay paglayagin
May malaki, at maliit, at may pinakamalaki... Dali lakasan ang ihip, unahan, unahan tayo, talunin mo ang bangka ko, tatalunin ko ang sa’yo...

Bangkang papel (2x), kay tulin, ng bangkang papel (2x)

**Mula sa http://www.isp101.net/2011/04/batibot-songs-lyrics-and-video.html

5. Pagtuturo at Paglalarawan
   Ituro ang paggawa ng bangkang papel. Bigyan ng papel ang bawat bata. Maaari itong lagyan ng disenyo pagkatapos. Ipaalala sa mga bata na iwanan muna sa silid ang mga bangkang papel sapagkat gagamitin ito sa talakayan kinabukasan.

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Makabuo ng payak na pangungusap na mayroong salitang kilos
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
larawan ng salitang kilos
larawang kuha mula sa iba’t ibang pagdiriwang ng mga festivals

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, ating ilalarawan ang mga bangkang papel na ginawa natin.
2. Paglalahad
   Ipaawit muli sa mga bata ang "Bangkang Papel."
3. Pagtuturo at Paglalarawan
   Ilarawan sa mga bata ang sariling bangkang papel. Halimbawa: "Ito ang aking bangkang papel. Ito ay malaki at kulay pula."
4. Kasanayang Pagpapayaman
   Tumawag ng ilang bata upang ilarawan ang kanilang bangkang papel.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang mga pang-uri sa paglalarawan ng mga sasakyan
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

larawan ng mga sasakyan

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, ilalarawan natin ang paborito nating sasakyan.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Idikit sa pisara ang mga larawan ng iba't ibang sasakyan. Itanong sa mga bata kung ano-anong mga salita ang naglalarawan sa bawat sasakyan. Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara.
3. Kasanayang Pagkabisa
   Tumawag ng isang bata upang ilarawan ang kaniyang paboritong sasakyan. Pahulaan sa ibang bata kung ano ang sasakyang tinutukoy. Ang unang makahuhula ang siyang sunod na maglalarawan ng kaniyang paboritong sasakyan.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng pamilya
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

tsart ng awit na "Ang Jeepney ni Tatay"
larawan ng jeepney
larawan ng mga miyembro ng pamilya

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, ilalarawan natin ang mga miyembro ng ating pamilya.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Ipakita sa klase ang larawan ng jeepney. Ituro ang awit na "Ang jeepney ni Tatay."

Ang jeepney ni Tatay
ay may butas sa gulong
Ang jeepney ni Tatay
ay may butas sa gulong
Ang jeepney ni Tatay

ay may butas sa gulong
Takpan natin ng bubble gum!

**Maaaring palitan ang "Tatay" ng ibang miyembro ng pamilya gaya ng Nanay, ate, kuya, lolo, lola atbp.

3. Kasanayang Pagkabisa
   Idikit sa pisara ang larawan ng mga miyembro ng pamilya. Magbigay ng mga salitang naglalarawan. Papilahin ang mga bata sa miyembro ng pamilya na tinutukoy ng salitang naglalarawan.
4. Pagtataya
   Papiliin ang mga bata ng isang miyembro ng pamilya na nais nilang ilarawan. Tumawag ng ilang bata upang ibahagi sa klase ang sagot.
   Halimbawa: Matangkad ang ate ko.

IKALIMANG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng pamilya
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
   papel
   lapis
   pangkulay

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, iguguhit natin ang ating pamilya at ilalarawan ang bawat isang miyembro nito.
2. Pagtataya
   Bigyan ng mga kagamitan ang mga bata upang iguhit ang kanilang pamilya. Hatiin ang klase sa mga pangkat na may 5 hanggang 6 na miyembro. Ipabahagi sa mga kasama sa pangkat ang iginuhit at ipalarawan ang bawat miyembro ng pamilya.

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 28

TEMA: Komunikasyon: *cell phone*/telepono, radyo, *warning signal*, telebisyon, *word of mouth*

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:
1. Wikang Binigbigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nakagagawa ng paglalahad ng isang kaganapan batay sa mga hayag o nakalap na impormasyon
2. Gramatika: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng pamilya

UNANG ARAW

LAYUNIN: Nakikinig at nagtatanong patungkol sa kuwentong binasa
ORAS: 40 minuto
KAGAMITAN:
   libro – *Si Pilong Patago-tago* ni Kristine Canon at Leo Alvarado (Adarna House, 2004)

PAMAMARAAN

1. Paunang Pagtataya
   Tanungin ang klase: Ano ang paborito mong laro sa bahay?
   Anyayahan ang lahat na maglaro ng taguan sa loob ng silid.
2. Tukoy Alam
   Tanungin ang klase: Masaya bang maglaro ng taguan? Nakapaglaro na ba kayo ng taguan sa loob ng bahay? Sino-sino ang inyong mga tinataguan?
3. Tunguhin
   Sabihin: Ang kuwento natin ngayong araw na ito ay tungkol sa isang batang mahilig magtago. Sino-sino kaya ang kaniyang mga tinataguan?
4. Paglalahad
   Ikuwento ang *Si Pilong Patago-tago* ni Kristine Canon at Leo Alvarado (Adarna House, 2004)
5. Pagtuturo at Paglalarawan
   Tanungin: Sino-sino ang mga tinaguan ni Pilo?
   a. Kilalanin ang bawat miyembro ng pamilya ni Pilo at ang kanilang ginagampanan sa pamilya (Halimbawa: Ang kuya ni Pilo ay ang kaniyang kalaro.)
   b. Takdang Aralin
      Para sa pag-uulat bukas, alamin kung ano-ano ang mga ginagawa ng mga kasama ninyo sa bahay sa buong maghapon.

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Nakagagawa ng paglalahad ng isang kaganapan batay sa mga hayag o nakalap na impormasyon
ORAS: 40 minuto
KAGAMITAN:

PAMAMARAAN

1. Tunguhin
   Nakagagawa ng paglalahad ng isang kaganapan batay sa mga hayag o nakalap na impormasyon.
2. Paglalahad
   Sabihin: Ngayong araw, aalamin natin kung ano-ano ang ginawa ng mga kasama ninyo sa bahay sa buong maghapon.
3. Pagtuturo at Paglalarawan
   Pangunahan ang talakayan sa pagbibigay ng ulat ng mga bagay na ginawa ng mga kasama ninyo sa bahay noong nakaraang araw. (Halimbawa: Ang nanay ko ay nagpunta sa palengke upang bumili ng isda. Si kuya ay naglaro ng habulan kasama ang kaniyang mga kaibigan.)
4. Kasanayang Pagpapayaman
   Bigyang pagkakataon ang bawat bata na ibahagi sa klase ang kanilang takdang aralin.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Matukoy ang bawat miyembro ng pamilya
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

lapis
papel
pangkulay

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, makikilala natin ang bawat miyembro ng pamilya ng bawat isa.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Magpaguhit ng mga miyembro ng pamilya sa mga bata gamit ang lapis, papel, at mga pangkulay.
3. Kasanayang Pagkabisa
   Ipakilala ang bawat miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng pagbahagi sa klase.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Natutukoy ang mga miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng wastong paglalarawan ng pamilya
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
iginuhit ng mga bata noong nakaraang araw

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, tayo'y maglalaro ng "Sino siya?" kung saan huhulaan ninyo ang miyembro ng inyong pamilya na ilalarawan ko.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Magbanggit ng ilang pang-uri at tanungin kung sino sa kanilang pamilya ang may ganoong paglalarawan.
   Halimbawa: Sino ang: matakaw? may mahabang buhok? mataba?
3. Kasanayang Pagkabisa
   Magtawag ng ilang bata upang ilarawan ang mga miyembro ng kanilang pamilya sa pamamagitan ng paggamit ng pang-uri.
4. Pagtataya
   a. Ilarawan ang isang miyembro ng pamilya at maglaro ng "pass the message."
      Halimbawa: Si nanay ay mabait.
   b. Bumuo ng 4-5 na grupo. Papilahin ng tig-isang hanay ang bawat grupo.
      Kailangang makarating ang mensahe sa pamamagitan ng pagbulong sa kasunod sa hanay.

IKALIMANG ARAW

LAYUNIN: Nakagagawa ng paglalahad ng isang kaganapan sa bahay
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
lapis
papel
pangkulay
iginuhit ng mga bata noong ikatlong araw

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Sino ang nanonood ng balita? Ngayong araw, tayo'y magiging mga tagapag-balita.
2. Pagtataya
   a. Bumuo ng 4-5 grupo, ipamahagi ang kanilang iginuhit noong ikatlong araw at muling balikan ang tinalakay noong nakaraang araw tungkol sa paglalarawan ng mga miyembro ng pamilya.

b. Ang bawat grupo ay muling magkakaroon ng talakayan tungkol sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Ang bawat isa ay mamimili ng kanilang paboritong miyembro ng pamilya at iguguhit ito.
c. Tawagin ang bawat grupo upang ibalita sa klase ang kanilang natalakay.
d. Tumawag ng mga batang magbabahagi at maglalarawan ng kanilang iginuhit gamit ang mga wastong pang-uri.

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 29

TEMA: Mga Likas na Yaman sa Ating Pamayanan

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:

1. Wikang Binibigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Nakagagawa ng paglalahad ng isang kaganapan batay sa mga hayag o nakalap na impormasyon
2. Gramatika: Nagagamit ang wastong pang-uri sa paglalarawan ng kapaligiran

UNANG ARAW

LAYUNIN: Nakapagbibigay ng mga produktong galing sa ating kapaligiran sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

iba't ibang larawan ng kapaligiran (Halimbawa: tabing-dagat, bukirin, tabing-ilog)
kopya ng awiting "Tong, tong, tong, pakitong-kitong")

PAMAMARAAN:

1. Paunang Pagtataya
   Sabihan ang mga bata na magbigay ng isang produktong alam nilang galing sa ating kapaligiran.
   Halimbawa: bigas
2. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, pag-uusapan natin ang mga produktong nakukuha sa ating kapaligiran.
3. Tukoy-Alam
   Magpakita ng mga larawan ng kapaligiran at ipalarawan ang mga ito sa mga bata gamit ang mga pang-uri.
4. Paglalahad
   Ituro ang awiting "Tong, tong, tong, pakitong-kitong."
5. Pagtuturo at Paglalarawan
   Tumawag ng mga batang makapagbibigay ng mga produkto mula sa mga larawan ng kapaligiran at sa awiting natutuhan.

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Nakapaglalahad ng isang kaganapan batay sa mga hayag o nakalap na impormasyon sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, muli natin pag-uusapan ang mga produktong nakukuha sa ating kapaligiran.
2. Paglalahad
   a. Hatiin ang klase sa sampung grupo.
   b. Pagtambalin ang grupo 1 at 2, 3 at 4, 5 at 6, 7 at 8, 9 at 10.
   c. Ang bawat grupo ay magbabahagi sa kapares na grupo tungkol sa mga produktong nakukuha mula sa kani-kanilang kapaligiran.
   d. Ang kapares na grupo ay magbabahagi rin ng tungkol sa kanilang mga produkto.
3. Pagtuturo at Paglalarawan
   a. Tawagin ang isang miyembro ng bawat grupo upang ilahad ang kaniyang nakuhang impormasyon mula sa kapares na grupo tungkol sa kanilang mga produkto.
   b. Ipaliwanag na iba't ibang produkto ang makukuha sa ating kapaligiran.
4. Kasanayang Pagpapayaman
   Tumawag ng mga batang maglalarawan ng mga nailahad na produkto gamit ang mga pang-uri.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nakapaglalarawan ng kapaligiran gamit ang mga wastong pang-uri sa wikang Filipino
ORAS:
MGA KAGAMITAN:

lapis
papel
pangkulay

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, iguguhit natin ang ating kapaligiran.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   Magpaguhit ng kapaligiran sa mga bata gamit ang lapis, papel, at mga pangkulay.
3. Kasanayang Pagkabisa
   Ipabahagi sa mga bata ang kanilang iginuhit na kapaligiran gamit ang mga pang-uri.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Natutukoy ang mga produktong nanggaling sa kapaligiran sa wikang Filipino
ORAS:
MGA KAGAMITAN:

iba't ibang larawan ng mga produktong nakukuha sa ating kapaligiran

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, tayo ay magkakaroon ng isang laro tungkol sa mga produkto sa ating kapaligiran.
2. Kasanayang Pagpapayaman
   a. Sabihin na ang klase ay magkakaroon ng laro tungkol sa mga produktong nakukuha sa ating kapaligiran.
   b. Ipaliwanag na kailangang matukoy ng mga bata ang pinanggalingan ng mga produktong

ipapakita.
Halimbawa: bangus - dagat

4. Kasanayang Pagkabisa
   Tumawag ng mga batang maglalarawan ng mga produktong ginamit sa laro gamit ang mga wastong pang-uri.
   Halimbawa: bangus – masarap; malinamnam
5. Pagtataya
   a. Magkaroon muli ng isang laro.
   b. Pabunutin ang mga bata ng isang larawan ng produkto.
   c. Sabihin na kailangang magbigay ng wastong pang-uri para sa nabunot na larawan.

IKALIMANG ARAW

LAYUNIN: Nakapaglalarawan ng isang produkto sa pamayanan gamit ang wastong pang-uri, sa wikang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
lapis
papel
pangkulay

PAMAMARAAN:
1. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, tayo ay guguhit ng ating paboritong produkto.
2. Pagtataya
   a. Magpaguhit sa mga bata ng kanilang paboritong produkto.
   b. Tumawag ng mga batang magbabahagi at maglalarawan ng kanilang iginuhit gamit ang mga wastong pang-uri.

IKATLONG MARKAHAN
LINGGO 30

TEMA: Komunikasyon – pasulat – dyaryo, pasalin-dila, liham, *posters/billboards, streamers*

MGA LINGGUHANG LAYUNIN:

1. Wikang Binibigkas at Pag-unawa sa Napakinggan: Natutukoy, nailalarawan, at nagagamit ang ilang karaniwang pasalita
   at di-pasalitang katangian sa isang hanay ng teksto
2. Gramatika: Nailalarawan ang sarili, pamilya, at kapaligiran gamit ang mga karaniwang pang-uri

UNANG ARAW

LAYUNIN: Natutukoy ang mga katangian ng mga batang Filipino
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
song chart para sa awit na "Sino ang Filipino"
mga larawan ng kapaligiran

PAMAMARAAN:

1. Paunang Pagtaya
   Tumawag ng ilang piling bata at ipalarawan ang alinman sa mga sumusunod:
   -sarili (kasuotan, haba o kulay ng buhok, kulay ng balat, atbp)
   -pamilya
   -kapaligiran

2. Tunguhin
   Sabihin: Ngayong araw, pag-uusapan natin ang mga katangian ng mga batang Filipino.

3. Tukoy-Alam
   Magpakita ng mga larawan ng kapaligiran at ipalarawan ang mga ito sa mga bata gamit ang mga pang-uri.

4. Paglalahad
   a. Idikit ang song chart sa pisara.
   b. Iparinig sa mga bata ang awiting "Sino ang Pilipino."

Sino ang Pilipino
Titik ni: Rene O. Villanueva
Musika ni: Mike Pedro

Sino ang Pilipino?
Ikaw ba o ako?
Ako ay maputi
Ika'y kayumanggi.
Sino ang Pilipino?

Sino ang Pilipino?
Ikaw ba o ako?
Itim ang buhok ko
Kulay-kalawang ang sa'yo.
Sino ang Pilipino?

CHORUS

O sina kaya? Sino kaya?
Sino ang Pilipino?
O sino kaya? Sino kaya?
Sino ang Pilipino?

Sino ang Pilipino?
Ikaw ba o ako?
Bilog ang mata ko
Singkit ang mata mo.
Sino ang Pilipino?

Sino ang Pilipino?
Ikaw ba o ako?

Bakit magkaiba
Ang ating mga anyo?
Sino ang Pilipino?

CHORUS:
Tayo ay Pilipino
Ito'y alam natin
Kung Nanay o Tatay
Ay Pilipino rin.

Kung Nanay o Tatay
Ay Pilipino rin
Tayo ay Pilipino
Pare-parehong
Pilipino

5. Pagtuturo at Paglalarawan
Tatawag ng mga bata at:
   a. Bubunot sila ng paraan kung paano sasagutin ang tanong ng guro—pasalita o di-pasalitang paraan.
   b. Magtatanong ang guro ng mga tanong na naglalaman ng mga pang-uri at higit sa lahat, maaaring sagutin ng oo o hindi, *thumbs up/down*, atbp. (hal: Malinis ba ang hardin ng ating paaralan?)

IKALAWANG ARAW

LAYUNIN: Nasasagot ang mga tanong ng guro gamit ang mga di-pasalitang paraan
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
song chart ng "Sino and Filipino?"

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
Sabihin: Ngayong araw, sasagot tayo ng mga tanong sa di-pasalitang paraan.

2. Paglalahad
Sasagutin ng mga mag-aaral nang malakas at sabay-sabay ang mga sumusunod:
   a. Tanungin ang unang hanay: Ano ang pangalan ng katabi mo?
   b. Tanungin ang ikalawang hanay: Ano ang pangalan ng punong-guro natin?
   c. Tanungin ang ikatlong hanay: Malinis ba ang ating hardin?
   Sasagutin ng mga mag-aaral nang pamuwestra, sabay-sabay
   d. Tanungin ang ikaapat na hanay: Mataas na ba ang sikat ng araw?
   e. Tanungin ang ikalimang hanay: Masaya ba kayo ngayon?
   f. Tanungin ang ikaanim na hanay: Paano mo maipapaalam sa kaibigan mo na natatakot ka?

3. Pagtuturo at Paglalarawan
   a. Ilabas muli ang song chart ng "Sino ang Pilipino" at awitin muli ito kasama ng mga bata.
   b. Bigyang pokus ang unang saknong ng awitin at tumawag ng ilang piling bata upang

magbigay ng angkop na kilos para sa saknong na ito. Awitin ang unang saknong na may kasamang kilos kasama ng buong klase.

4. Kasanayang Pagpapayaman

   a. Pangkatin ang klase ayon sa bilang ng natitirang mga saknong ng awitin.
   b. Bawat pangkat ay mag-iisip ng angkop na kilos para sa saknong na nakatalaga sa kanila.
   c. Bigyan ng 10 minuto ang mga pangkat para mag-isip.
   d. Isa-isang magtatanghal ang bawat grupo sa harap na klase.

IKATLONG ARAW

LAYUNIN: Nasasagot ang mga tanong ng guro gamit ang mga pasalitang paraan.
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
iba't ibang larawan
cartolina (sapat para sa 8 hanggang 10 pangkat)
lapis
pangkulay

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin
Sabihin: Ngayong araw, sasagutin natin ang mga tanong ko gamit ang mga pasalitang paraan.

2. Kasanayang Pagpapayaman
   a. Magpakita ng isang larawan at magtanong tungkol dito. Dalawang tanong para sa bawat batang tatawagin—ang una ay tanong na may pang-uri at ang ikalawang tanong naman ay tanong na mangangailangan ng sagot na mayroong pang-uri.
   b. Tumawag ng ilang piling bata para sa pagsasanay na ito.

3. Kasanayang Pagkabisa
   a. Pangkatin ang klase. Bigyan ng kalahating cartolina, lapis, at mga pangkulay ang bawat pangkat.
   b. Ilarawan ang isang bagay o lugar na nais mong ipaguhit sa bawat pangkat.
   c. Bigyan ng 10 hanggang 15 minuto ang bawat pangkat na gawin ang kanilang poster.
   d. Ilagay sa harap ng klasrum at ibahagi sa buong klase.

IKAAPAT NA ARAW

LAYUNIN: Natutukoy, nailalarawan, at nagagamit ang ilang karaniwang pasalita at di-pasalitang katangian sa isang hanay ng teksto
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin

Sabihin: Ngayong araw, tutukuyin, ilalarawan, at gagamitin natin ang ilang karaniwang pasalita at di-pasalitang katangian sa isang hanay ng teksto.

2. Kasanayang Pagpapayaman
   a. Sabihin na ang klase ay magkakaroon ng laro kung saan huhulaan nila kung ano ang sinasabi ng kilos ng guro.
   b. Tatawag ng ilang piling bata na gustong humula sa kilos na ipapakita ng guro.

3. Kasanayang Pagkabisa
   a. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat.
   b. Ang unang pangkat ang magmumuwestra ng kilos na huhulaan ng ikalawang pangkat.
   c. Kapag nahulaan na, ang ikalawang pangkat naman ang magmumuwestra ng kilos at ang kalabang pangkat naman ang huhula.
   d. Sa ikalawang ikot ng laro, ang unang pangkat ang magbibigay ng isang pasalitang palatandaan na kailangang maimuwestra ng kalabang pangkat.
   e. Kung nahulaan na ito, yung pangalawang pangkat naman ang magbibigay ng pasalitang palatandaan at ang ikalawang pangkat naman ang huhula.

4. Pagtataya
   a. Magkaroon muli ng isang laro.
   b. Pabunutin ang mga bata kung paano niya dapat sagutin ang tanong ng guro—pasalita o di-pasalitang paraan

IKALIMANG ARAW

LAYUNIN: Nagagamit nang tama ang mga pangkaraniwang pang-uri
ORAS: 40 minuto
MGA KAGAMITAN:
   lapis
   papel
   pangkulay

PAMAMARAAN:

1. Tunguhin

Sabihin: Ngayong araw, gagamit tayo ng mga pangkaraniwang pang-uri sa ating mga pangungusap.

2. Pagtataya
   a. Magpaguhit sa mga bata ng kanilang paboritong lugar sa pamayanan.
   b. Tumawag ng mga batang magbabahagi at maglalarawan ng kanilang iginuhit gamit ang mga wastong pangkaraniwang pang-uri.